



NDIS Quality
and Safeguards
Commission

Sinikap naming matiyak ang pagiging madaling paggamit (usability) at pag-access (accessibility). Kapag nakakaranas ka ng mga isyu sa pag-access, mangyaring makipag-ugnay sa engagement@ndiscommission.gov.au.



Isyu 3: Taglamig 2021

Isang newsletter para sa mga taong may kapansanan, iyong mga kaibigan, pamilya, tagapagtaguyod at ang komunidad.

Mangyaring ipamahagi ang newsletter na ito sa mga taong may kapansanan sa iyon mga ugnayan (network) – halimbawa, kung ikaw ay isang tagapagbigay ng NDIS o manggagawa na sumusuporta sa isang taong may kapansanan, o isang tagapagtaguyod, tagapag-alaga, kaibigan o miyembro ng pamilya ng isang taong may kapansanan.

Mapapansin mo sa edisyon na ito at sa mga hinaharap na edisyon ang isang malakas na pagtuon sa Code of Conduct ng NDIS. Inaasahan namin na makakatulong ito sa iyo upang mas maunawaan kung ano ang maaari mong asahan mula sa iyong mga tagapagbigay ng serbisyo at manggagawa, at kung paano malalaman kung may mga bagay na hindi tama.

Sa isyu noong Disyembre 2020, inanyayahan ka namin na ibigay sa amin ang iyong mga puna at anumang mga mungkahi para sa pagpapabuti ng newsletter sa hinaharap.

Maraming salamat sa mga nakatapos ng survey. Gagamitin namin ang iyong mga puna upang gawing kawili-wili at kapaki-pakinabang ang SAFEGuard hangga't maaari.

Code of Conduct ng NDIS

Karapatan mong makatanggap ng mga suporta at serbisyo na mabuti ang kalidad at ligtas. Ang [Code of Conduct ng NDIS](#) ay isang hanay ng mga patakaran tungkol sa kung paano dapat magsagawa ang iyong mga tagapagbigay at manggagawa kapag sinusuportahan ka nila, at mga bagay na kailangan nilang gawin upang matiyak na ligtas ka.

Kung sa tingin mo ay mayroong hindi nakakatugon sa mga patakarang ito, maaari kang magreklamo sa amin.

Sa ilalim ng Code of Conduct ng NDIS, ang iyong mga tagapagbigay at mga manggagawa ay kailangang:

- **kumilos nang may paggalang sa mga karapatan ng indibidwal sa kalayaan sa pagpapahayag, pagpapasya sa sarili, at paggawa ng desisyon alinsunod sa mga nauugnay na batas at kasunduan.** Ibig sabihin nito na mayroon kang karapatang gumawa ng iyong sariling mga desisyon, maging malayang mabuhay sa buhay na iyong pinili, at magkaroon ng parehong mga karapatan sa kalayaan tulad ng sinumang miyembro ng komunidad.

- **igalang ang pagkapribado ng mga taong may kapansanan.** Ibig sabihin nito na mayroon kang karapatan na hindi ibahagi ang iyong personal na impormasyon sa ibang tao maliban kung sinabi mo na okey iyon.
- **magbigay ng mga suporta at serbisyo sa isang ligtas at maaasahang pamamaraan na may pag-aalaga at kasanayan.** Ibig sabihin nito na ang mga taong nakikipagtulungan sa iyo ay kailangang mayroong tamang mga kasanayan upang suportahan ka sa isang ligtas na paraan.
- **kumilos nang may integridad, katapatan, at pagiging totoo.** Ibig sabihin nito na ang iyong mga tagapagbigay at manggagawa ay dapat maging matapat sa iyo tungkol sa iyong mga serbisyo at suporta sa NDIS, at ibigay ang mga suporta na natutugunan ang iyong mga pangangailangan.
- **kaagad na gumawa ng mga hakbang upang ilabas at kumilos sa mga pag-aalala tungkol sa mga bagay na maaaring may epekto sa kalidad at kaligtasan ng mga suportang ibinibigay sa mga taong may kapansanan.** Ibig sabihin nito na ang iyong tagapagbigay ay dapat na tumulong sa mga taong maramdaman nang kaligtasan na gumawa ng isang reklamo o mag-ulat ng mga problema, at dapat nilang mabisang pangasiwaan ang mga reklamong ito.
- **gawin ang lahat ng mga makatuwirang hakbang upang maiwasan at matugunan ang lahat ng uri ng karahasan, pagsasamantala, kapabayaan, at pang-aabuso.** Ibig sabihin nito na ang iyong mga tagapagbigay ay dapat na gawin ang lahat ng mga makatuwirang hakbang upang maiwasan ang karahasan, pang-aabuso, kapabayaan, at pagsasamantala, at mabilis na tumugon kung mangyari ang mga bagay na ito.
- **gawin ang lahat ng makatuwirang mga hakbang upang maiwasan ang pang-aabusong sekswal.** Ibig sabihin nito na dapat alam ng iyong mga tagapagbigay at mga manggagawa kung ano ang wastong pag-uugali, at kung kanino magsumbong kung hindi wasto ang pagtrato sa iyo.

Ang bawat darating na edisyon ng SAFEGuard ay nakatuon sa isa sa mga bahaging ito ng Code of Conduct ng NDIS, upang matulungan kang higit na maunawaan kung ano ang maaari mong asahan mula sa iyong mga tagapagbigay at manggagawa, at paano malalaman kung may mga bagay na hindi tama.

Paano gumawa ng isang reklamo sa amin

Kung nararamdaman mong hindi ka ligtas o hindi nasisiyahan sa iyong mga suporta at serbisyo ng NDIS, o kung sa palagay mo ay hindi sumusunod sa mga patakaran ang iyong tagapagbigay o manggagawa, maaari kang lumapit sa amin.

Ang aming brochure na '[Paano gumawa ng isang reklamo](#)' ay nagpapaliwanag kung paano gumawa ng isang reklamo sa amin.

[\[MAGREKLAMO SA AMIN\]](#)

Ang aming brochure na tinatawag na '[Paano namin haharapin ang mga reklamo](#)' ay nagpapaliwanag kung ano ang mangyayari kapag gumawa ka ng isang reklamo sa amin, at kung anong mga pagkilos ang maaari naming gawin.

Ang aming trabaho sa mga tagapagtaguyod sa sektor ng may kapansanan

Alam mo ba na regular kaming nakikipagkita sa mga kinatawan mula sa sektor ng may kapansanan na kumakatawan sa isang hanay ng mga interes at pananaw ng mga taong may kapansanan?

Pinapayuhan ng Disability Consultative Committee ang NDIS Commission tungkol sa pambansang mga isyu na nakakaapekto sa paghahatid ng kalidad at ligtas na mga suporta at serbisyo ng NDIS. Binibigyan din kami ng komite ng mga puna upang makatulong na mapabuti ang aming trabaho bilang isang regulator sa sektor ng may kapansanan.

Bisitahin ang aming [website](#) upang malaman kung paano gumagana ang Disability Consultative Committee, kung sino ang mga miyembro, at upang makita kung ano ang tinalakay sa mga nakaraang pagpupulong.

Worker Screening Database ng NDIS

Sa newsletter noong Taglagas 2021, ipinaliwanag namin na ang mga kalahok ng NDIS na namamahala sa sarili (self-managed NDIS participants) ay maaaring [mag-apply upang magamit ang NDIS Worker Screening Database](#) upang suriin kung ang iyong mga manggagawa ay aprobadong magtrabaho sa mga taong may kapansanan.

Kung nakatanggap ka ng ilang mga suporta o serbisyo ng NDIS mula sa isang **nakarehistrong tagapagbigay ng NDIS**, ang iyong mga manggagawa ay kailangang mayroong isang katanggap-tanggap na pagsusuri (acceptable check) o isang 'NDIS worker screening clearance'. Ito ang batas. Maaari mong hilingin sa iyong tagapagbigay na kumpirmahin sa iyo na ang mga manggagawa na sumusuporta sa iyo ay may pahintulot (clearance).

Kung **pinangangasiwaan mo mismo ang lahat o bahagi ng iyong sariling plano**, may karapatan kang hilingin sa mga hindi nakarehistrong tagapagbigay ng NDIS at ang kanilang mga manggagawa na magkaroon ng isang NDIS Worker Screening Check. Maaari silang mag-apply para dito sa pamamagitan ng [worker screening unit \(WSU\)](#) ng kanilang estado o teritoryo. Kailangan mong gamitin ang NDIS Worker Screening Database upang kumpirmahin na ang manggagawa ay sumusuporta sa iyo. [Mag-apply upang magamit ang database](#) sa website ng NDIS Commission.

Maaari mong gamitin ang database upang suriin kung ang isang manggagawa ay mayroong isang NDIS worker screening clearance. Tanungin ang manggagawa para sa kanilang NDIS Worker Screening ID o application ID – makakatulong ito sa iyo na mahanap sila sa database.

Ang aming website ay may marami pang mga impormasyon tungkol sa [pag-screen ng manggagawa](#), at mga [mapagkukunan upang matulungan kang magamit ang database](#).

Website ng Komisyon ng NDIS

Nagtatrabaho kami sa isang proyekto upang gawing mapabuti ang aming [website](#). Nais naming gawing mas madali para sa iyo na makahanap at maunawaan ang impormasyon na iyong hinahanap. Inaasahan naming ililunsad ang bagong website sa pagtatapos ng 2021.

Sa mga susunod na mga buwan, upang matiyak na ang aming bagong website ay kasing mabuti hangga't maaari, inaanyayahan namin ang mga taong may kapansanan, mga tagapagbigay ng NDIS, manggagawa at tagapagtaguyod na subukan at bigyan kami ng mga puna sa mga iminungkahing pagpapahusay.

Ang National Disability Insurance Agency (NDIA) ay tumutulong sa amin na maabot ang mga kalahok ng NDIS na nais tumulong sa amin dito, ngunit kung nais mong ipahayag ang isang pagka-interes nito, mangyaring mag-email sa communications@ndiscommission.gov.au

Welcome pack ng kalahok

Ang aming Welcome Pack ng Kalahok (Participant Welcome Pack) ay ipinapaliwanag ang iyong mga karapatan, kung paano pumili ng kalidad at ligtas na mga suporta, at kung paano gumawa ng isang reklamo sa amin.

Kung wala ka pang kopya, maaari mo itong i-download mula sa aming website, o gamitin ang aming [online order form](#) upang mag-order ng isang naka-print na kopya.

[[Welcome Pack ng Kalahok](#)]

Makukuha ito sa standard version, pati na rin ang mga pagsasaayos na [Easy Read](#) at [Auslan](#). Maaari kang mag-order ng mga kopya na Braille gamit ang aming [online order form](#).

Nakikipagtulungan kami sa isang kumpanyang pagmamay-ari ng Aboriginal upang lumikha ng isang standard version ng Welcome Pack ng Kalahok para sa mga First Nation na kalahok ng NDIS. Samantala, isang bersyon na Easy Read ng pack, na partikular na idinisenyo para sa mga [taong Aboriginal at Torres Strait Islander](#), ay makukuha.

Pagsuporta sa mga pagkain na ligtas at kasiya-siya

Lumilikha kami ng mga bagong e-learning training module para sa mga manggagawa ng NDIS. Itong mga maikling kursa sa online ay tungkol sa mga paksa ng komunikasyon at pamamahala ng oras ng pagkain. Ang mga totoong boses, kwento, at mga pananaw ng mga taong may kapansanan ay isang mahalagang bahagi ng pagsasanay na ito.

May mga pagkakataon na itatanghal sa *Supporting safe and enjoyable meals* module. Ipapaliwanag ng module na ito ang mahalagang papel ng tulong sa oras ng pagkain para sa mga manggagawa ng NDIS, at ang mga panganib at pagsasaalang-alang kapag sumusuporta sa isang taong may kapansanan sa paglunok.

Ang mga producer ng module ay humahanap ng mga tao na may kapansanan na may mga pangangailangan sa suporta sa oras ng pagkain at handang ipakita, gumanap sa mga senaryo, at magtampok sa mga bahaging may boses. Maaari kang tanungin tungkol sa iyong mga karanasan sa mga oras ng pagkain na maaaring maisama sa pagsasanay para sa mga manggagawa ng NDIS.

Kung nais mong maging kalahok, mangyaring i-email ang iyong interes sa education@ndiscommission.gov.au upang makatanggap ng karagdagang impormasyon.

Paano makipag-ugnay sa NDIS Commission

Maari kang tumawag sa amin sa 1800 035 544. Ito ay isang libreng tawag mula sa mga landline. Ang aming contact centre ay bukas 9.00 ng umaga hanggang 5.00 ng hapon (9.00 ng umaga hanggang 4.30 ng hapon sa NT) Lunes hanggang Biyernes, hindi kasama ang mga pampublikong piyesta opisyal.

Bilang kahalili, maaari kang mag-email sa contactcentre@ndiscommission.gov.au

Mga paraan upang makagawa ng isang reklamo

Kung nais mong gumawa ng isang reklamo sa amin, maaari kang:

- **tumawag:** 1800 035 544 (libreng tawag mula sa mga landline) or TTY 133 677. Maaring makipag-ayos sa mga Tagapagsaling-wika (Interpreter).
- **gamitin** ang [National Relay Service](#) at hilingin ang 1800 035 544.
- **kumpletuhin** ang isang online na [complaint contact form](#).

Sundan kami

LinkedIn: www.linkedin.com/company/ndiscommisson

Facebook: www.facebook.com/NDISCommission

Mag-subscribe sa newsletter na ito

Kung may nagpasa sa iyo ng email na ito, ngunit mas gugustuhin mong ipadala namin ito sa iyo nang direkta sa hinaharap, maaari kang mag-subscribe sa pamamagitan ng pagpuno sa [subscription form](#).